# Inilabas ng WorkSafeBC ang espesipiko-sa-industriyang patnubay para sa susunod na yugto ng muling pagsisimula

## Mga Katangungang Madalas Itanong

### Ano ang inilabas ng WorkSafeBC ngayon?

Dapat tiyakin ng bawa't tagapag-empleyo ang kalusugan at kaligtasan ng kanilang mga manggagawa, kabilang ang pagbubuo ng isang plano kung paano susuriin ang panganib ng pagkalantad sa COVID-19 sa lugar ng trabaho at ipapatupad ang mga hakbang upang panatilihing ligtas ang kanilang mga manggagawa.

Kami ay bumuo ng iba't ibang pangkalahatan at espesipiko-sa-industriyang mga materyales sa pakikipagkonsulta sa mga kasosyo ng industriya at paggawa upang masiguro na sila ay praktikal at mauunawaan para sa mga lugar ng trabaho sa bawa't sektor.

Upang hustuhin ang mga protokol para sa mga espesipikonng industriya, ang WorkSafeBC ay bumuo rin ng mga pangkalahatang mapagkukunan na inilaan para sa lahat ng mga lugar ng trabaho.

Kabilang sa mga ito ang: isang modelo ng plano ng kaligtasan sa COVID-19, mga poster sa lugar ng trabaho, impormasyon sa mga kasanayan sa paglilinis at kalinisan, at patnubay sa pagpipilian at paggamit ng mga maskara.

### Mangyaring ipaliwanag sa akin kung paano gagamitin ng mga negosyo ang mga materyales ng patnubay na ito?

Ang mga tagapag-empleyo ay inatasan na bumuo ng isang Plano ng Kaligtasan sa COVID-19 na nagbabalangkas ng mga patakaran, mga patnubay, at mga pamamaraan na inilagay nila sa lugar upang bawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19.

Ang WorkSafeBC ay nagbigay ng mga espesipiko-sa-industriyang protokol upang tulungan ang mga tagapag-empleyo na bumuo ng isang mabisang plano para sa kanilang lugar ng trabaho.

Bawa't lugar ng trabaho ay natatangi, at maaaring kailanganin na tukuyin at ipatupad ng mga tagapag-empleyo ang mga karagdagang protokol kung ang mga ito ay hindi sapat na makatutugon sa mga panganib sa mga manggagawa.

### Sabihin mo sa akin ang tungkol sa gabay ng Plano ng Kaligtasan sa COVID-19?

Ang isang modelo ng Plano ng Kaligtasan sa COVID-19 ay makukuha sa website ng worksafebc.com. Gagabayan nito ang mga tagapag-empleyo sa isang anim-na-hakbang na proseso upang tulungan silang gumawa ng plano. Ang plano ay ibinigay bilang isang napupunan na PDF file na maaaring i-download.

## Bakit hindi pa kumpleto ang ilan sa mga espesipiko-sa-sektor na patnubay?

Ang ilang mga sektor ay naghihintay ng ilang karagdagang mga pagsusuri at input, at ipapaskil namin ang mga ito sa mga paparating na araw.

## Susuriin at aaprubahan ba ng WorkSafeBC ang mga plano ng kaligtasan sa COVID-19 ng lahat ng mga negosyo bago sila muling magbukas?

Hindi, ang WorkSafeBC ay hindi magsusuri at mag-aapruba ng mga plano ng kaligtasan sa COVID-19 ng mga indibidwal na tagapag-empleyo, nguni't ang mga tagapag-empleyo ay kailangang magbigay ng kanilang plano sa panahon ng isang pag-inspeksyon ng WorkSafeBC.

## Paano ninyo matitiyak na ang isang negosyo ay may isang plano sa lugar?

Ang WorkSafeBC ay maglulunsad ng isang inisyatibo ng pagpapatunay at pag-inspeksyon sa linggo ng Mayo 19.

Ang lalayunin ng pambuong-lalawigang inisyatibo ng pag-inspeksyon ay upang matiyak na ang mga lugar ng trabaho ay may isang Plano ng Kaligtasan sa COVID-19 na nasa lugar at ito ay epektibong ipinatutupad upang panatilihing ligtas ang mga manggagawa.

## Nakipagtulungan ba ang WorkSafeBC sa mga ibang grupo ng industriya upang buuin ito?

Oo. Ang WorkSafeBC ay mayroong labis na pinag-isipang input mula sa Panlalawigang Opisina ng Kalusugan, at kami ay nakipagtulungan sa maraming mga asosasyon ng industriya na nagbigay ng mga praktikal na komenta at input sa pagbubuo ng mga espesipiko-sa-sektor na protokol.

## Nasabi ng mga ilang negosyo na ang tiyempo ng inyong patnubay ay sobrang huli upang makapagbukas sila sa susunod na linggo. Bakit ito inabot ng napakatagal?

Kami ay tiyak na nakikiramay sa mga negosyong nagsara at nababalisang magpasimulang muli ng mga operasyon.

Ang espesipiko-sa-industriyang patnubay ay binuo sa pakikipagkonsulta sa mga asosasyon ng industriya, at kailangan naming maging dilihente at magkaroon ng mga tamang materyales upang suportahan ang mga tagapag-empleyo.

Pinakamahalaga, ang sinumang tagapag-empleyo na nagpasimulang muli ng mga operasyon ay dapat na maggugol ng panahon upang matiyak na pinoprotektahan nila ang kalusugan at kaligtasan ng kanilang mga manggagawa.

## Mangyaring ipaliwanag kung ang mga maskara ay kakailanganin para sa mga negosyo habang sila ay nagpapasimulang muli ng mga operasyon?

Kabilang sa mga pinaka-epektibong paraan upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon ay ang paghuhugas ng kamay, paglilinis at pagdidisimpekta sa mga lugar ng trabaho, pisikal na pagdidistansiya, at pagpapanatili ng mga may sakit na manggagawa sa bahay.

Maaaring isaalang-alang ng mga tagapag-empleyo ang paggamit ng mga maskara bilang isang karagdagang hakbang sa pagkontrol kasama ang mga hakbang na ito.

Ang ilang mga asosasyon ng industriya ay maaaring magrekomenda ng paggamit ng mga maskara bilang isang proteksyon sa manggagawa o hakbang sa kalusugan ng publiko.

Mayroong patnubay sa pamimili at paggamit ng mga makukuhang maskara sa online sa worksafebc.com.

## Paano kung ang isang empleyado ay hindi nakakaramdam na ligtas sa trabaho? Ano ang maaari nilang gawin?

Ang mga manggagawa sa B.C. ay may karapatan na tumanggi sa hindi ligtas na trabaho kung naniniwala sila na ito ay naghaharap ng isang hindi nararapat na panganib.

Kung ang bagay ay hindi nalutas, ang WorkSafeBC ay dapat kontakin at ang isang opisyal sa pag-iwas ay makikipagkonsulta sa mga partido ng lugar ng trabaho upang pagpasiyahan kung mayroong isang hindi nararapat na panganib.

## Saan ako maaaring kumuha ng karagdagang impormasyon?

Mayroong impormasyon na makukuha sa online sa: https://www.worksafebc.com/en/about-us/covid-19-updates/covid-19-returning-safe-operation/faqs-returning-to-safe-operation

Maaari ka ring tumawag sa Linya ng Impormasyon sa Pag-iwas ng WorkSafeBC sa: 1.888.621.7233.

WORK SAFE BC